

# *Ang Layunin ng Diyos sa Iyong Buhay*

May plano ang Diyos sa buhay mo. Nagsimula ang planong ito bago pa man Niya nilikha ang mundo. Basahin sa Awit 111:

*Purihin si Yahweh!*

*Buong puso siyang pasasalamatan,*

*aking pupurihin sa gitna ng bayan kasama ng mga lingkod na hinirang. Ang mga gawa ni Yahweh, tunay napakadakila, mga nalulugod sa kanya, lagi itong inaalala; lahat niyang gawa'y dakila at wagas, katuwiran niya'y hindi magwawakas.*

*Hindi maaalis sa ating gunita, si Yahweh ay mabuti't mahabaging lubha Ang sa kanya'y gumagalang pagkain ay sagana; pangako ni Yahweh ay di nasisira Ipinadama niya sa mga hinirang, ang kapangyarihan niyang tinataglay, nang ibigay niya lupa ng dayuhan Ang gawa ng Diyos, matuwid at tapat, at maaasahan lahat niyang batas*

*Ito ay lalagi at di magwawakas, pagkat ang saliga'y totoo't matapat Kaligtasa'y dulot sa mga hinirang, may ipinangakong walang hanggang tipan; Banal at dakila ang kanyang pangalan! Ang pagsunod at pag galang kay Yahweh'y simula ng karunungan. Taong masunurin, pupurihing lubos. Purihin ang Diyos magpakailanman!*

Sa tuwing hihikayatin natin ang isang tao na tumingin sa Diyos, tayo mismo ay tumitingin din sa Diyos, sapagkat ginawa Niya tayong Kanyang mga sugo na magbabahagi ng Kanyang pag-ibig sa mundo. Habang ipinamamahagi mo ang plano ng Diyos sa buhay ng tao, ang mga kataga sa Isaias 52:7-10 ay tugma sa iyo:

*O kay gandang pagmasdan sa mga kabundukan,*

*ang sugong dumarating upang ipahayag ang kapayapaan,*

*at nagdadala ng Magandang Balita.*

*Ipahayag niya ang tagumpay at sasabihin:*

*"Zion, ang Diyos mo ay naghahari!"*

*Narito! Sisigaw ang nagbabantay,*

*dahil sa galak, sama-sama silang aawit;*

*makikita nila si Yahweh na babalik sa Zion*

*Magsiawit kayo, mga guhong pader nitong Jerusalem;*

*sapagkat inaliw ng Diyos ang hinirang niyang bayan;*

*iniligtas na niya itong Jerusalem*

*Sa lahat ng bansa, makikita ng mga nilalang,*

*ang kamay ni Yahweh na tanda ng kalakasan;*

*at ang pagliligtas ng ating Diyos tiyak na mahahayag*

Ayon sa Salita ng pangako ng Diyos ay ipinagkaloon na Niya sa atin ang buhay sa pamamagitan ni Cristo. O kay gandang pagmasdan ang mga nagdadala ng mabgandang balita ng Diyos!

Ipinahayag ng mga anghel ang kapanganakan ng Panginoong Hesus sa mundo. Ayon sa Lucas 2:10-11, *Huwag kayong matakot. Narito, inihahayag ko sa inyo ang ebanghelyo ng malaking kagalakan para sa lahat ng mga tao. <sup>11</sup>Ito ay sapagkat sa araw na ito sa lungsod ni David ay ipinanganak sa inyo ang isang Tagapagligtas. Siya ang Cristo na Panginoon.*

Nagsipag galak ang mga anghel sapagkat pumarito si Cristo upang palayain ang sangkatauhan. Inaabangan at nagagalak sila sa dakilang plano ng Diyos para sa buhay habang isinasagawa Niya ito.

## Ang Kasaysayan ng Tao

Ating tignan ang plano ng Diyos mula pa kay Adan. Nilikha si Adan ayon sa larawan at wangis ng Diyos bilang ganap at banal. Siya ay malayang nakakapag usap sa Diyos, subalit pinili niyang maging suwail. Siya ay napalayo, naligaw at napahiawalay sa Diyos ng walang pagkakataong makabalik. Subalit ang Diyos ay kaagad

na isinagawa ang Kanyang dakilang plano upang iligtas ang buong sangkatauhan at maibalik sila sa Kanya. Ang plano ay nagsimula kay Adan, ang unang tao, at ito ay nagpapatuloy hanggang sa ngayon.

Ayon sa kasaysayan, paulit-ulit na tinatawag ng Diyos ang sangkatauhan, subalit sila ay naghimagsik at namuhay ayon sa kanilang sariling pamamaraan.

Sa panahon ni Noe, niloob ng Diyos na lipunin ang mga tao at magsimulang muli sapagkat walang lumalapit sa Kanya, maliban kay Noe. Inutusan ng Diyos si Noe na maglikha ng isang barko sapagkat lilipunin ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng baha. Naligtas si Noe at ang kanyang pamilya, at ang bawat uri ng mga hayop na kasama nila. Muling nagsimula ang Diyos sa piling ng Kanyang mga nilalang, at umaasang iibigin Siya ng mga ito ng buong puso.

Nagpatuloy ang panahon, at nag bukod ang Diyos ng mga tao na iibig, idadakila, at pupuri sa Kanya. Ipinangako Niya kay Abraham na sakanyang binhi ay magmumula ang isang dakilang bansa na mag hahari ng lahat ng ibang mga bansa. Ito ay ipinangako sa isang lalaki na ang edad ay mahigit sa 100, at ang kanyang asawa ay baog. Kanyang pinanampalatayaan ang Diyos, at hindi ang kanyang sitwasyon.

Pinagkalooban ng Diyos ng isang himala si Abraham sa katauhan ng kanyang anak na si Isaac. Ito ang ipinangalan niya sa kanyang anak sapagkat natawa ang mag asawa nung una silang pinangakuan ng Diyos. Madals ang karunungan ng Diyos ay kamangmangan sa tao. Nang ipinanganak ang anak ni Isaac na si Jacob, nag patuloy pa rin ang plano ng Diyos. Pinalitan ng Diyos ang pangalang Jacob at ginawa Niya itong Israel.

Kaya't ang dakilang bansa ng Israel ay nagmula kay Jacob. Bagama't sila ay inalipin ng Ehipto, nag patuloy parin ang pag ibig sa kanila ng Diyos.

Ang Diyos ay naghirang ng mga tagapanguna sa Israel upang sila'y maka sunod sa Kanyang mga nais; at si Moises ang isa sa mga tagapangunang hinirang ng Diyos. Noong inalipin ng Ehipto ang Israel, may plano ang Diyos sa kanilang paglaya, ayon sa nababasa sa aklat ng Exodus. Nagpakilala ang Diyos sa Faraon sa pamamagitan ni Moises. Nag sagawa ng madaming himala ang Diyos na nagdulot ng kalayaan para sa Israel.

Nagsimula ang kanilang paglaya nung gabi ng Paskwa. Noong gabing iyon, inutusan ng Diyos ang bawat pamilya ng Israel na kumuha ng isang tupa na walang kapintasan at ialay ito para sa bawat sambahayan. Kinuha nila ang dugo ng tupa at ipinahid ito sa magkabilang poste at itaas ng pinto ng bahay, sapagkat lalampasan ng kamatayan ang bawat sambahayan na may bahid ng dugo ng tupa.

Pagkalipas ng unang Paskwa, tinawag ng Diyos ang bayan ng Israel at nilisan nila ang Egipto. At dahil labis silang pinagpala ng Diyos, nagalak ang mga taga Egipto sa kanilang paglisan at binigyan sila ng samu't saring kayamanan (Pinagpala ng Diyos ang Kanyang bayan).

Pinalaya sila ng Diyos at sinundan sila ng dakilang mga himala. Hinati ng Diyos ang dagat at lubusan silang pinalaya mula kay Faraon. Nagpatuloy ang Diyos sa pag aaruga sa Israel; pinapakain sila araw at gabi, pinangunahan Niya sila sa pamamagitan ng apoy sa gabi at ulap sa araw, at labis na nagalak ang buong Israel.

Sinimulan ng Diyos ang pag angat sa Israel mula sa ibang mga bansa bilang Kanyang dakilang bayan. Nalaman ng ibang mga bansa na dakila ang Diyos ng Israel at wala Siyang katulad.

Subalit ang unang henerasyon ng Israel ay naging suwail at hindi sumunod sa Panginoon. Labis ang kanilang pagmamatigas ng puso at kawalan ng utang na loob sa Diyos. Kaya't sila'y nagsimatayan sa ilang sapagkat hindi nila pinanampalatayaan ang pangako ng Diyos. Habang sila'y naglalakbay sa ilang, ipinataw ng Diyos ang Kanyang batas upang kanilang maunawaan ang Kanyang mga pamamaraan. Binigay Niya ang mga ito sa bundok ng Sinai upang kanilang sundin at nang sila'y pagpalain. Ito ay kaloob ng Diyos; kapag ito'y hindi nila sundin, sila'y hindi pagpapalain.

Ang sumunod na henerasyon ay kinabilangan ng mga nakapasok sa lupain ng Canaan, ang Pangakong Lupa, na itinakda ng Diyos para sa Israel mula pa sa simula ng panahon. Sila'y nanahan doon at nagalak sa kanilang Panginoon. Sila'y nagtagumpay laban sa lahat ng kanilang mga kaaway sapagkat kapiling nila ang Panginoon na siyang gumagawa ng mga himala sa kanilaang kalagitnaan. Subalit maging sila'y paulit-ulit na naging suwail sa Diyos at ninais na mamuhay ayon sa kanilang sariling pamamaraan.

Patuloy na naghirang ang Diyos ng mga pinuno na nagtuturo sa Israel na si Yahweh lamang ang Diyos at dapat nilang talikuran ang kanilang mga diyos-diyosan. Ang mga pinunong ito ay mga hukom at mga propeta.

Ang mga propeta ang patuloy na nag papaalala sa Israel na kailangan nilang umasa sa Diyos kung nais nilang makamit ang buhay.

### Ang Parating na Pangako

Sa Isaias 52:13 ay nakasaad ang pangako ng Diyos sa Kanyang bayan para sila'y palayain: *"Ang lingkod ko'y magtatagumpay sa kanyang gawain; mababantog siya at dadakilain."* Ang Diyos ay mag papadala ng isang lingcod na mababantog at dadakilain. Siya ay magdurusa para sa Israel upang sila'y mapalaya.

*"Marami ang nagulat nang siya'y makita, dahil sa pagkabugbog sa kanya, halos hindi makilala kung siya ay tao. Ngayo'y marami rin ang mga bansang magugulantang; pati mga hari kapag siya'y nakita ay matitigilan. Makikita nila ang hindi nabalita kahit na kailan, at mauunawaan ang hindi pa narinig ninuman!" (Isaias 52:14-15)*

Ang dakilang pangako ng Diyos sa Kanyang bayan ay sinaad na ilang daang taon bago pa it naganap.

*"Sino ang maniniwala sa ibinabalita naming ito? Kanino mo ipinakita ang iyong kapangyarihan? Kalooban ni Yahweh na matulad sa isang halaman ang kanyang lingkod, parang ugat na natanim sa tuyong lupa. Walang katangian o kagandahang makatawagpansin, walang taglay na pang-akit para siya ay lapitan Hinamak siya ng mga tao at itinakwil. Nagdanas siya ng hapdi at hirap. Wala man lang pumansin sa kanya. Binale-wala natin siya, na parang walang kabuluhan" Tunay ngang inalis niya ang ating mga kahinaan, pinagaling niya ang ating mga karamdaman. Subalit inakala nating iyo'y parusa ng Diyos sa kanya Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap (Isaias 53:1-5)*

Ito ang pangako ng Diyos; ipinahayag ang pagdating ni Hesus upang palayain ang kanyang bayan. Nang dumating na nga si Hesus, sinabi Niyang, *"Ang magnanakaw ay hindi pumarito malibang siya ay magnakaw, pumatay at maminsala."* (Juan 10:10) Si Satanas ang ugat sa pagkatukso ni Adan at Eba, bagamat pinili din nila ito. At nagsagawa ang Diyos ng paraan upang makapanumbalik ang sangkatauhan sa Kanya; kinailangan Niyang kumilos para sa kabutihan ng mga tao.

### Ang Kalikasan ni Hesus

Ayon kay Hesus, *Ako ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Walang sinumang makakapunta sa Ama maliban sa pamamagitan ko (Juan 14:6)* At muli Niyang sinabi, *Ako ay narito upang sila ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito na may lubos na kasaganaan (Juan 14:6)* Ang kahulugan ng "Hesus" ay "tagapagligtas", ang Siyang pumarito upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan.

Ang kahulugan ng "kasalanan" ay isang kalagayan ng pagkakahiwalay mula sa Diyos. An gating kalikasang ito ang sanhi ng ating pagkakarayo sa Kanya, at an gating mga gawa ay katibayan lamang ng kalikasang ito. Subalit pumarito si Hesus upang itama tayo sa harap ng Panginoon. Pumarito Siya upang pbaguhin an gating kalikasan upang maging mga ganap na anak ng Diyos at hindi mga anak ng diablo. Ang kahulugan ng "Emanuel" na isa pang itinawag kay Hesus, ay "Diyos na kasama natin".

Pumarito Siya at nag anyong tao. Ibinaba Niya ang Kanyang sarili at binitawan ang pagiging Diyos, at Siya'y nag anyong ganap na tao. Pumarito Siya upang tayo'y palayain. Ito ay kailangan nating maunawaan. Siya ay higit pa sa isang dakilang guro o propeta; Siya ay Diyos na nasa laman – Diyos na kapiling natin.

Ayon sa Biblia, ipinahayag ni Hesus kung sino ang Diyos. Ipinamuhay Niya ang pag ibig, ang katuwiran, at habag ng Diyos. Ayon sa Mateo 8:16-17, ang Panginoong Hesus ang katuparan sa pangako na ipinahayag sa Isaias 53.

*Kinagabihan, dinala nila sa kaniya ang maraming tao na inaalihan ng mga demonyo. Sa isang salita ay pinalayas niya ang masasamang espiritu at pinagaling ang lahat ng mga maysakit. Ito ay upang matupad ang*

*sinabi ni propeta Isaias na mangyayari. Sinasabi niya: Kinuha niya ang ating mga kahinaan at dinala niya ang ating mga sakit. (Mateo 8:16-17)*

Ilang daang taon bago pa man dumating si Hesus, ipinahayag na ng Diyos na pumarito Siya upang gawin ito: palayain ang sangkatauhan sa espiritu, pisikal, at emosyonal. Ang pagpapagaling ni Kristo ng mga karamdaman ay katibayan ng Kanyang nais na paglaya ng mga tao, ayon sa Kanyang dakilang pag ibig.

### Ang Paglilingkod ni Hesus

Mauunawaan natin ang ministryo ni Hesus ayon sa Lukas 4:18-19, na siyang kaganapan ng kapahayagan mula pa kay Isaias:

*“Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasaakin dahil pinahiran niya ako upang ipahayag ang ebanghelyo sa mga dukha. Sinugo niya ako upang pagalingin ang mga sugatang puso. Sinugo niya ako upang ipangaral ang kalayaan sa mga bihag at ang pananauli ng paningin sa mga bulag. Sinugo niya ako upang palayain ang mga inapi. Sinugo niya ako upang ipangaral ang katanggap-tanggap na taon ng Panginoon”*

Dumating si Hesus na nagpapatotoo tungkol sa kung sino ang Kanyang makalangit na Ama upang makamtan natin ang buhay ng Diyos.

Ayon sa 1 Pedro 3:18-22: *“Dahil si Cristo man ay minsang nagdusa dahil sa kasalanan. Ang matuwid para sa mga hindi matuwid upang madala niya tayo sa Diyos. Pinatay siya sa laman ngunit binuhay siya sa pamamagitan ng Espiritu. Sa pamamagitan din niya pumunta siya at nangaral sa mga espiritong nakabilanggo. Iyan ang mga espiritong sumuway, na nang minsan ay hinintay ng pagbabata ng Diyos noong panahon ni Noe, samantalang ginagawa ang arka. Ilan tao lamang ang naligtas. Walo lamang ang naligtas sa arka sa pamamagitan ng tubig. Ang tubig na iyon ang larawan ng bawtismo na ngayon ay nagliligtas sa atin. Hindi sa paglilinis ng karumihan ng makasalanang likas kundi ang tugon ng isang malinis na budhi sa Diyos. Ito ay sa pamamagitan ng pagkabuhay muli ni Jesucristo. Siya ay umakyat sa langit at nasa kanan ng Diyos. Ipinasailalim na sa kaniya ng Diyos ang mga anghel, ang mga kapamahalaan at ang mga kapangyarihan.”*

Dahil dito, ang bawat tuhod sa langit at lupa ay lumuluhod sa pangalan ni Hesus, sapagkat Siya’y itinaguyod ng Diyos Ama bilang Panginoon ng lahat. (Philipos 2:9-11)

Pagkalipas ng Kanyang kamatayan, ipinahayag Niya sa Hades ang kalayaan ng bihag. Ibinahagi Niya ang ebanghelyo sa kanila: *Ito ay sapagkat ang ebanghelyo ay inihayag maging sa mga namatay upang sila ay mahatulan ayon sa mga taong nasa katawang laman ngunit maging buhay ayon sa Diyos sa espiritu. (1 Pedro 4:6)*

Ang ebanghelyo ay ibinahagi sa mga bihag ng Hades. Binigyan ng pagkakataon ng Diyos ang ga nagsimatayan nab ago pa man dumating si Hesus na tanggapin Siya bilang kanilang Panginoon at Tagapag-ligtas, at makamit ang buhay ng Diyos na nakapaloob kay Kristo. Pagkatapos nito’y nabuhay muli si Kristo at itinanghal bilang Hari ng mga hari, at sa pangalan ni Kristo ang bawat tuhod ay luluhod.

### Inihugpong sa Kanyang Plano

Nilooob din ng Panginoon na tayong mga Gentil (tayo na mga hindi kabilang sa bansa ng Israel) na kasama sa Kanyang plano dahil tayo ay Kanyang inihugpong sa Kanya. Pinagkaloob din Niya sa atin ang buhay na ipinagkaloob Niya sa Israel, ang Kanyang piniling bansa. Matatanggap natin ang buhay na yaon sa pamamagitan ng pag bigkas sa ating bibig na si Kristo Hesus ay ating Panginoon, upang Siya’y maghari sa ating buhay at tayoy’y mangagsi pamuhay para sa Diyos (Roma 10:9-10). Iyan ay kaloob ng Diyos sa atin.

Atin naming siyasatin ang layunin ng Diyos para sa Israel. Alam natin na sa ngayon ay madami pa din mga Judio na hindi tumatanggap kay Hesus. Ano ba ang pangyayaring ito, at bakit ito nagaganap?

Ayon sa Roma 11:20-24: *“Dahil hindi sila sumampalataya, inihawalay sila ng Diyos ngunit ikaw ay nakatayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Huwag kang magmataas, sa halip ay matakot ka. Ito ay sapagkat maging ang mga likas na sanga ay hindi pinaligtas ng Diyos, maaaring hindi ka niya paliligtasin. Kaya nga, narito, ang kabutihan at kahigpitan ng Diyos. Ang kahigpitan niya ay sa kanila na nahulog. Kung ikaw ay magpapatuloy sa kaniyang kabutihan, ang kabutihan niya ay mapapasaiyo. Kung hindi, ikaw din ay puputulin. Gayundin sila, kung hindi sila magpapatuloy sa hindi pagsampalataya, ihuhugpong sila ng Diyos sapagkat magagawa ng*

*Diyos na sila ay ihugpong muli. Ito ay sapagkat pinutol ka ng Diyos mula sa olibong ligaw, at laban sa kalikasan, ay ihinugpong sa mabuting puno ng Olibo. Gaano pa kaya sa tunay na mga sanga na maihugpong sa kanilang sariling punong Olibo.”*

(Tinutukoy ni Pablo ang mga Judio na pumapaloob sa buhay na itinakda ng Diyos para sa kanila mula pa sa simula)

*“Mga kapatid, ito ay sapagkat hindi ko nais na kayo ay maging walang kaalaman patungkol sa hiwagang ito. Sa kabilang dako, baka isipin ninyong kayo ay matatalino. Ang hiwaga ay: Hanggang sa maabot ang kabuuang bilang ng mga Gentil, bahagyang pinatigas ng Diyos ang puso ng mga taga-Israel. Kaya nga, ililigtas ng Diyos ang buong Israel ayon sa nasusulat:*

*Ang tagapagligtas ay magmumula sa Zion.  
Ibabaling niyang palayo kay Jacob ang hindi  
pagkilala sa Diyos. Kapag inalis ko ang  
kanilang mga kasalanan, ito ang aking  
pakikipagtipan sa kanila.*

*Patungkol sa ebanghelyo, dahil sa inyo, sila ay mga kaaway. Ngunit patungkol sa katotohanang pinili sila ng Diyos nang una pa, dahil sa mga ninuno, mahal sila ng Diyos. (Roma 11:25-28)*

(Ang mga tinutukoy na ninuno ay sina Abraham, Isaac, at Jacob, na siyang ipinangako ng Diyos na magiging ama ng dakilang bansa at ang kanilang mga tao ay pagpapalain)

*“...sapagkat ang mga kaloob at pagtawag ng Diyos ay hindi nagbabago.”*

(Ayon dito, hindi babaguhin ng Diyos ang Kanyang plano mula pa sa simula para iligtas ang Kanyang piniling bansa) *Ito ay sapagkat ang mga kaloob at pagtawag ng Diyos ay hindi nagbabago.*<sup>30</sup> *Sinuway ninyo ang Diyos noong nakaraang panahon. Sa ngayon ang Diyos ay nagpakita ng habag sa inyo sa pamamagitan ng kanilang pagsuway.*<sup>31</sup> *Sa gayunding paraan, sila ngayon ay naging masuwayin upang kayo ay kahabagan. Ito ay upang magpakita rin siya ng habag sa kanila sa pamamagitan ninyo (Roma 11:29-31)*

Ayon sa dakilang karunungan ng Diyos, pinatigas Niya ang puso ng mga Hudyo upang tayo ang makatanggap kay Hesus at sa buhay ng Diyos. Datapwa't sa dakilang habag ng Diyos ay inalis ang hatol sa kanila upang matanggap nila ang buhay na itinalaga ng Diyos sa kanila.

*“Upang maipakita ng Diyos ang kaniyang habag sa lahat, ibinilanggo niya sila dahil sa pagsuway. Kay lalim ng kayamanan ng katalinuhan at karunungan ng Diyos. Walang makakasaliksik ng kaniyang mga kahatulan. Walang makakasunod sa kaniyang landas. Ito ay sapagkat sino ang nakakaalam ng isipan ng Panginoon? Sino ang nagbigay sa kaniya ng payo? Sino ang nagbigay sa kaniya at iyon ay pababayaran sa kaniya? Ito ay sapagkat ang lahat ng mga bagay ay mula sa kaniya. Ang mga bagay ay sa pamamagitan niya at para sa kaniya. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailanman. Siya nawa.” (Roma 11:32-36)*

### Ang Pagbabalik ni Hesus

Atin din nauunawaan na malapit na ang muling pagbabalik si Kristo Hesus. At sa kanyang pagbabalik, si Satanas, ang kanyang mga kampon, at ang mga hindi mananampalataya ay pahihirapan ng walang hanggan (Apocalypses 20-31; Mateo 25). At kukunin ni Hesus ang lahat ng tao na sa Kanya'y tumatawag at tumanggap bilang Panginoon. Sa pangalan ni Kristo tayo ay mabubuhay nang walang hanggan kasama ang Diyos.

Kapag iyong tinanggap si Hesus sa iyong puso, ang buhay ng Diyos ay mapapasaiyo at ikaw ay mapapaloob sa Kanyang plano. Mula pa sa simula alam na ng Diyos na Kanyang hahaplasin ang iyong puso at iyong tinugon, “Panginoon, patawarin mo ako. Kailangan kita, Hesus. Pumaloob ka ditto sa aking puso at kinikilala kita bilang aking Panginoon.”

Alam ng Diyos mula pa sa simula na ikaw ay mapapaloob sa Kanyang buhay. Mula pa sa simula, alam Niya na kailangan ang Kanyang buhay. Alam Niya na matatanggap mo ang Kanyang buhay kapag tinanggap mo si Hesus. (Efeso 1:3-14)

Muling magbabalik si Hesus, at itatapon Niya ang mga hindi kumikilala sa Kanya sa dagat-dagatang apoy.

Hindi naman sa hindi iniibig ng Diyos ang sangkatuan, subalit katotohanan din na hindi lahat ay maliligtas. Bakit kamo? Bagamat nais ng Diyos na iligtas ang lahat, hindi lahat ng tao ay mananampalataya sa Kanyang katotohanan. (2 Pedro 3:9). Ayon sa Salita ng Diyos, hinahatulan ng isang tao ang kanyang sarili sapagkat mas iniibig niya ang kadiliman kaysa sa liwanag ni Hesus (Juan 3:16-20).

Iyan ang sinasaad ng Salita ng Diyos! Maari nating piliin na si Hesus ay nasa ating puso o hindi; maari nating piliin na tayo'y ligtas, o hindi; Kung nasa atin ang buhay ng Diyos, tayo'y mamumuhay para sa Kanya. Sabi ni Hesus, "*Kung iniibig ninyo ako, tuparin ninyo ang aking mga utos* (Juan 14:15). "*...ang kaniyang mga utos ay hindi mabigat*" (1 Juan 5:3). Kapag ating sinunod ang mg autos ng Diyos, ang kasaganaan sa bawat sitwasyon ay mapapa sa atin.

Malapit na ang pagbabalik ni Hesus. Siya ay naghanda na ng lugar para sa atin, at Siya's naghihintay. Siya ay paparito upang kunin tayo patungo sa Kanya. (Juan 14:1-4)

Ako ay nasasabik sa Kanyang pagbabalik at inaasahan ko ang araw na yaon. Habang tayo'y naghihintay, dapat nating asikasuhin ang layunin ng Diyos Ama, upang makarinig din ng magandang balita ang iba. At ito ang magandang balita ng Diyos: na may paraan ang Diyos upang tayo'y makapaloob sa Kanyang dakilang plano.

Nawa ay ating ipamahagi itong dakilang pag ibig ng Diyos, sapagkat Siya'y naghahari at si Kristo Hesus ang Panginoon! Kung ika'y hindi nakasisiguro kung nakapaloob ka sa dakilang plano ng Diyos, maari kang manalangin sa Kanya at tanggapin ang bagong buhay na Kanyang ipinamamahagi sa lahat sa pamamagitan ni Hesus.

Manalangin ka at sambitin ng ganito:

Diyos Ama, sa Pangalan ni Hesus, aking inaamin na ang aking buhay ay nawalay sa Iyo. Patawarin mo ako. Alam ko na ayon sa Iyong pagibig sa akin ay ipinarito mo si Hesus upang mamatay at mabuhay muli upang ako'y makabilang sa Iyong dakilang plano. Salamat, Panginoon, sa Iyong pagpapatawad sa akin sa pamamagitan ng dugo ni Hesus. Pumaloob ka sa aking buhay, Hesus. Aking inihahayag sa aking bibig na si Kristo Hesus ang aking Panginoon at ako'y nananampalataya sa aking puso na kung paano Ka muling nabuhay, ay ako rin sa minutong ito, ay papaloob sa isang bagong buhay. Salamat, Panginoon, at inibig Mo ako at ginawa mo akong iyong anak at kabilang na ako sa Iyong dakilang plano ng buhay magpakailanman. (Juan 3:16-18; 1 Juan 5:9-12; Roma 10:9-10; 2 Korinto 5:17-22).

Labis na kagalakan ang mapapa sa iyo sa muling pagbabalik ni Hesus. Makikita mo Siya at ang Kanyang mga anghel na bababa mula sa langit upang sunduin ka at makasama Niya. Makikita mo ang mga nagsimatayan na na babangon muli at tatagpuin si Hesus sa himpapawid. At habang iyong pinapanood ang mga ito ay mapapalitan ang iyong mortal na katawan sa isang iglap, ng isang baging katawan na spiritual at pang walang hanggan. Ikaw din ay makakatagpo ni Kristo sa himpapawid. (Basahin ang 1 Tesalonica 4:13-18; 1 Korinto 5:42-55; Lukas 24:36-43)

Isipin mo: wala na ang lumang kalangitan at lupa; ang buong sangkatauhan ay natindig sa presensya ng Diyos upang mahatulan; bubuksan ang mga Aklat ng buhay; Lahat ng sumampalataya sa Kanya at sumunod sa Kanyang mg autos ay nakasulat ang mga pangalan sa Aklat ng buhay at sila'y maliligtas. At lahat ng tumalikdo kay Hesus at namuhay ng makasalanan ay mahahatulan sa dakilang putting luklukan ng Diyos, at itatapon sa dagat-dagatang apoy kasama ni Satanas at ang kanyang mga kampon. (Apocalypses 20:7-15; Mateo 25:31-46; Mateo 7:21-23).

Muling lilikha ang Diyos ng bagong langit at lupa. At dahil tinanggap mo ang plano Niya para sa iyo, iyong makikita ang pagbaba ng Bagong Jerusalem mula sa Diyos, at makakapiling mo ang Diyos ng walang hanggan! (Apocalypses 21-22)